# Nang dumating ang kamatayan kay Aba Tālib,dumating sa kanya ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at dito ay sina Abdullah bin Abe Umayyah at Abū Jahal,Ang sabi niya sa kanya: O tiyuhin ko,Sabihin mo na Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah salitang ipagsasaksi ko sa iyo kay Allah

Ayon kay Saēd bin Al-Musayyab- buhat sa Ama niya na si Al-Musayyab bin Hazan malugod si Allah sa kanya- ay nagsabi: "Nang dumating ang kamatayan kay Aba Tālib,dumating sa kanya ang Sugo ni Allah pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, at dito ay sina Abdullah bin Abe Umayyah at Abū Jahal,Ang sabi niya sa kanya: O tiyuhin ko,Sabihin mo na Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah salitang ipagsasaksi ko sa iyo kay Allah,Ang sabi nilang dalawa sa kanya;Tatalikuran moba ang relihiyon ni Abdulmuttalib?Binalikan ng propeta sa kanya ang (sinabi niya),at binalikan din nang dalawa ang (sinabi nila),at Hanggang sa ang pinaka-huling nasabi nito ay nasa relihiyon siya ni Abdulmuttalib,at tumanggi siyang sabihin ang Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah,Ang sabi sa kanya ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Katotohanang hihingi ako ng kapatawaran para sa iyo,Hanggat walang pumipigil sa akin na gawin ito,Ibinaba ni Allah ang talata sa (Qura-n):{Hindi isang katampatan sa Propeta at sa mga sumasampalataya na humingi kay Allah ng kapatawaran para sa mga Pagano o mapagsamba sa mga diyus-diyosan kahit na sila ay malapit nilang kamag-anak}.Ang talata,At ibinaba ni Allah kay Abē Tālib ( Ang talata mula sa Qur-an):{ Katotohanan ngang hindi mo mapatnubayan ang sinumang iyong naiibigan (minamahal) datapuwat si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan at batid Niyang lubos ang mga tao na tumatanggap ng patnubay.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Binisita ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan si Abā Tālib nang nalalapit ang kanyang kamatayan at inalok (ng propeta) sa kanya ang Islām; upang ito ang maging huling salita niya sa buhay niya,upang makamtan niya ang Tagumpay at Kagalakan ( sa Araw ng Pagkabuhay),at naki-usap siya sa kanya ( na sambitin)ang salitang pag-iisa sa (kaisahan) ng Panginoon,At ini-alok din sa kanya ng mga Pagano o mapagsamba sa diyus-diyosan, na manatili siya sa relihiyon ng mga kaninu-ninuhan niya,ito ang Pagtatambal kay Allah;dahil sa kaalaman nila na ang salitang ito magdudulot ng pagtanggi sa pagtatambal kay Allah at

(magdudulot) ng pagiging dalisay sa pagsamba kay Allah na Nag-iisa.At inulit ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang paki-usap niya sa tiyuhin nito, na sambitin ang Pagsasaksi (Na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah),at inulit din ng mga Pagano o mapagsamba sa mga diyus-diyosan ang pakikipag-salungat nila rito hanggang sa ito ang naging dahilan sa pagtaboy niya sa katotohanan at pagkamatay niya (na napabilang) sa pagtatambal (kay Allah).At nang mangyari ang ganoon,Sumumpa ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan - na katotohanan hihingi siya kay Allah ng kapatawaran,Hanggat walang nakakapigil sa kanya rito.Kaya`t ibinaba ni Allah ang pagpigil rito at ipinahayag sa kanya na ang patnubay ay sa kamay ni Allah,ipinagkakaloob niya ito sa sinumang maibigan Niya;Sapagkat alam Niya ang sinumang mararapat (na pagkalooban) rito at sinumang hindi nararapat (na pagkalooban) rito,Ibinaba ni allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan:{ Hindi isang katampatan sa Propeta at sa mga sumasampalataya na humingi kay Allah ng kapatawaran para sa mga Pagano o mapagsamba sa mga diyus-diyosan kahit na sila ay malapit nilang kamag-anak, matapos na maging maliwanag sa kanila na sila ang magsisipanahanan sa Apoy( ng Impiyerno). At ibinaba din ni allah ang talata para kay Abē Tālib:{ Katotohanan ngang hindi mo mapaptnubayan ang sinumang iyong naiibigan ( minamahal ) datapuwat si Allah ang namamatnubay sa sinumang Kanyang maibigan at batid Niyang lubos ang mga tao na tumatanggap ng patnubay}

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3410

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee